


# "Problema sa mana" Huwag magdesisyong mag-isa

**Ano ang konsepto ng mana?**

Ang mana ay ang paglilipat ng ari-arian mula sa isang asawa o mga kamag-anak. Ayon sa prinsipyo ng batas sa mana kasama sa mana ang mga legal na tagapagmana at mga pagpapamana sa iba maliban sa isang legal na tagapagmana. Ang mga tagapagmana ayon sa batas ay itatakda sa saklaw at priyoridad ng mga tagapagmana at ang taong may pinakamataas na priyoridad ay ang magiging "tagapagmana".

**Ang mga dayuhang mamamayan ay maaari ding maging tagapagmana kung sila ay nasa ilalim ng saklaw at pagkakasunud-sunod ng mga tagapagmana.**

Dito sa Japan, kung ang namatay ay isang Japanese, ang mana ay isasagawa ayon sa batas ng bansa. Ang mga mga dayuhang nasyonal ay may parehong mga karapatan at obligasyon bilang mga tagapagmana kasintulad ng mga Japanese.

| Tagapagmana | Pang-ilan |
|---|---|
| **Ang asawa ang pangunahing tagapagmana** (1/2 ng mga ari-arian) | |
| Anak / apo (kung walang anak, ang (mga) apo) | Ika-1 |
| Magulang ng pumanaw (Kung wala na ang mga magulang) — Lolo/Lola | Ika-2 |
| Mga kapatid ng pumanaw (Kung wala na ang kapatid) —mga pamangkin | Ika-3 |



**Risgo ng mana**

Ang mga nilalaman ng mana ay iba't-iba, at maaring mag-iba ang reaksyon ng magmamana. Kapag iniisip natin ang mana, iniisip natin ang pera, deposito sa bangko, gusali, o securities, ngunit mayroon ding risgo sa mana. Kung ang yumao ay may-ari ng isang bukid, ang pagmamana nito ay maaaring may obligasyon at risgo na pamahalaan ang mga ito. Sa ilang kaso kailangan mong manahin ang negatibong asset gaya ng mga utang o pautang.

**Ang pagtalikod sa mana ay kasintulad ng paggawa ng kontrata**

Kung ang mamanahing ari-arian na ay mas negatibo, o kung may mga obligasyon na magiging pabigat sa hinaharap, o kung ikaw ay babalik sa iyong sariling bansa dahil sa pagkamatay ng iyong asawa maaari mong talikuran ang iyong mana. Ang pagtalikod sa mana ay isang kontraktwal na gawa at hindi na mababago sa ibang pagkakataon. Kapag nagmamana (o nag-abandona ng mana), kumunsulta sa isang legal na eksperto o kaibigan, at iwasang kaagad-agad na maglagay ng selyo o lagdaan ang isang kasulatan.



**Paano ang pagkonsulta sa isang eksperto sa batas**

Magiging mas kumplikado kung ang tagapagmana ay dayuhan. Ang mga eksperto sa batas ay mga abogado at tagasuri ng hudikatura, at kung wala kang kakilala maaari kang magkonsulta sa "Houterasu" (libre ang konsultasyong legal) o sa tanggapan ng lokal na pamahalaan kung saan nagbibigay ng libreng pagpapayo. Kung kailangan mo ng serbisyo sa pagsasalin o interpretasyon ukol sa mana, sa murang halaga ay maaring humingi ng tulong sa FICEC. Magsadya lamang sa aming tanggapan.

## Mga Pagpapayo

**Konsultasyon at Pagpapayo**
**Lunes ~ Biernes: 10:00 ~ 16:00**



**Kami ng aking asawa ay mga dayuhang mamamayan. Mayroon kaming anak na babae na nagsimulang pumasok sa grade one. Naghahanap kami ng silid-aralan na makakatulong sa kanyang takdang-aralin at pag-aaral pagkatapos ng klase at sa katapusan ng lingo.**

May mga libreng klase sa pag-aaral na pinamamahalaan ng mga Japanese volunteers sa Saitama Prefecture. Maaari kang maghanap ng silid-aralan na malapit sa iyong tahanan sa mga website ng "Children's Support Network Saitama (https://kodomoouen.pref.saitama.lg.jp/map/shien)" at Asport (https://kodomoshiennet-asuport.net /).
Sa FICEC, Int'l Children's Club, ay tinutulungan ang mga batang may dayuhang magulang sa kanilang pag-aaral tuwing Sabado,10:00 ~ 12:00.

**Kung mawala ko ang aking residence card o passport ano ang dapat kong gawin?**

Dapat dalhin ng mga dayuhang mamamayan na 16 taong gulang pataas ang kanilang residence card sa lahat ng oras. Kung nawala mo ang iyong residence card o passport, pumunta kaagad sa police station at mag-file ng "loss report" at kumuha ng sertipiko ng katibayan ng pagtanggap ng notisya. Dalhin ang sertipiko sa inyong embahada para sa pagpa-re-isyu ng passport. Para sa pagpa-re isyu ng residence card magtungo sa immigration bureau sa loob ng 14 araw mula ng pagkawala ng residence card. Para sa detalye tumawag sa Foreign Residents Information Center (Tel. 0570-013904).

### Mababasa ang "Fujimi" newsletter ng Fujimi-shi sa iba' ibang wika




Ang public relations magazine ay may mahahalagang impormasyon tungkol sa komunidad at mga serbisyo ng lungsod. Sa Fujimi City, maaari itong mabasa sa iba't ibang wika sa iyong smartphone o computer. I-download ang app mula sa QR code o i-click ang bersyon ng browser.

### Café FICEC
*Only English café*



Gaganapin tuwing ika-unang Linggo ng buwan mula 2:00 p.m. Sa loob ng 90 minuto, isang masayang pagtitipon kung saan ang pag-uusap ay sa wikang Ingles. Sumali tayo at magkaroon ng mga bagong kaibigan.
- Petsa/Oras: Linggo, Nob. 6, 14:00～15:30
- Saan: FICEC
- Bayad: 500 yen (para sa tsaa)
- Bilang ng tao: hanggang 12 katao
- Tumawag at magpareserba：049-256-4290

### Grupong paglalakad sa 3 araw
**Sumali tayo sa paglalakad at i-enjoy ang mga tanawin ngayong taglagas**




11 **4** Fri. **5** Sat. **6** Sun.

**Maaring sumali alin man sa mga araw na ito**



Mga 100,000 katao ang inaasahang dadalo sa gaganaping International Walking Festival! Ang ruta ay paglalakad sa Higashimatsuyama City at iba pang lugar na may magagandang tanawin. May 50, 40, 30, 20, 10, at 5-kilometrong kursong mapagpipilian. Ang oras ng pagsisimula ay nag-iiba depende sa pipiliin ninyong ruta.